# Nakasulat na mga ulat para sa mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles bilang karagdagang wika o diyalekto

## Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga

Mahal na mga magulang at tagapag-alaga

Bawat taon kayo ay tumatanggap ng dalawang nakasulat na ulat mula sa paaralan ng inyong anak. Ang mga ulat na ito ay tumutulong sa inyong maunawaan kung paano umuunlad ang inyong anak at kung paano sinusuportahan ng inyong paaralan ang pagkatuto ng inyong anak. Ang ulat na ito ay nagpapakita ng progreso ng inyong anak sa lahat ng mga asignatura.

### Mga ulat para sa Ingles bilang karagdagang wika o diyalekto (English as an additional language or dialect (EAL/D)) ng mga estudyante

Kung ang inyong anak ay nag-aaral ng Ingles bilang karagdagang wika o diyalekto, ang ulat ay ay magpapakita ng progreso ng inyong anak sa pag-aaral ng wikang Ingles at ang kanilang kasalukuyang baitang ng kahusayan sa wikang Ingles. Ang mga baitang ay nagsisimula, papausbong, papaunlad o nagpapatatag. Mangyaring tingnan ang kabilang pahina para sa mga paglalarawan ng mga baitang na ito.

### Ang mga ulat para sa mga mag-aaral sa programang EAL/D

Kung ang inyong anak ay kasama sa programang EAL/D, siya ay tatanggap ng karagdagang nakasulat na ulat mula sa guro ng EAL/D na kabilang ang impormasyon tungkol sa kaniyang progreso sa pag-aaral ng wikang Ingles.

### Mga ulat para sa bagong dating na mga estudyante ng EAL/D

Kung ang inyong anak ay kasama sa programa ng EAL/D at nasa paaralan ng Australya nang apat o kulang sa apat na term, kabilang sa nakasulat na ulat ng inyong anak ang impormasyon tungkol sa kaniyang progreso sa pag-aaral ng Ingles pati na rin ang kaniyang progreso sa iba pang mga asignatura na pinag-aaralan niya. Ito ay nakasulat na komento sa halip na isang marka.

### Ang mga ulat para sa bagong dating na mga estudyante ng EAL/D sa mga Sentro ng Masinsing Ingles (Intensive English Centre) o Masinsing Ingles sa Mataas na Paaralan (Intensive English High School)

Kung ang inyong anak ay naka-enrol sa isang Sentro ng Masinsing Ingles o Masinsing Ingles sa Mataas na Paaralan, tatanggap kayo ng isang nakasulat na ulat tungkol sa kaniyang progreso sa pag-aaral ng Ingles. Bukod pa rito ang ulat ay magpapakita ng progreso sa lahat ng mga asignaturang pinag-aralan bilang paghahanda para sa mga mataas na paaralan.

| Mga Baitang ng Kahusayan sa Wikang Ingles | |
|---|---|
| **Nagsisimula** | Ang mga estudyante sa nagsisimulang baitang ay nag-uumpisang matuto ng Ingles. Sila ay nakapagsasalita ng isa o mas marami pang wika bukod sa Ingles at maaaring may naaangkop sa edad na antas ng kakayahang makasulat sa kanilang unang wika. Ang mga mag-aaral na ito ay nagsisimulang makisali sa mga simpleng gawain sa wika na nasa kurikulum. |
| **Papausbong** | Ang mga estudyante sa papausbong na baitang ay may lumalagong kaalaman sa Ingles. Ang mga estudyanteng ito ay nakakapagsalita ng isa o mas marami pang wika kabilang ang batayang Ingles, at may lumalagong kaalaman sa pasulat na Ingles. Ang mga estudyanteng ito ay nakikilahok sa mga gawain sa silid-aralan at nakikisali sa pagkatuto kapag nabigyan ng angkop na pagtuturo sa wika at karagdagang oras upang makumpleto ang mga gawain sa klase. |
| **Papaunlad** | Ang mga estudyante sa papaunlad na baitang ay nakapagsasalita ng isa o mas marami pang wika, kabilang ang mapapakinabangang Ingles (functional English), at may umuunlad na kaalaman sa pasulat na Ingles. Ang mga estudyante ay aktibong kalahok sa silid-aralan at sa mga gawi sa paaralan, at nagagawang makisali sa mga gawaing pagkatuto nang may nadaragdagang tagumpay. Ang kanilang unang wika ay patuloy na mahalagang suporta habang sila ay nagiging bihasa sa gramatika ng Ingles at nagpapalago ang kanilang bokabularyo. |
| **Nagpapatatag** | Ang mga estudyante na nasa nagpapatatag na baitang ay nakapagsasalita ng isa o mas marami pang wika, kabilang na ang Ingles at may mahusay na kaalaman sa pasulat na Ingles. Ang mga estudyanteng ito ay mga independiyenteng kalahok sa silid-aralan at mga gawi sa paaralan, at may naragdagang kakayahan upang gamitin ang Ingles sa pag-aaral nang matagumpay sa pangkalahatan. Nakakaintindi sila at nakakabuo ng pasalita at pasulat na mga teksto para sa hanay ng tiyak na mga layunin ngunit nangangailangan pa rin ng nakatutok na pagtuturo ng wika at mga istratehiya na sumusuporta sa mga mag-aaral ng EAL/D, habang tumataas ang antas ng pang-akademikong wika ng mga disiplina ng asignatura. |

## Serbisyo ng Interpreter sa Telepono

Kung nais ninyo ng karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnay sa paaralan. Kung kailangan ninyo ng interpreter upang tulungan kayong makipag-ugnay sa paaralan, mangyaring tumawag sa Serbisyo ng Interpreter sa Telepono (TIS) sa 131 450 at humiling ng serbisyo ng interpreter sa inyong wika. Tatawagan ng interpreter ang paaralan at mananatili sa linya upang tumulong sa pag-uusap. Ikaw ay hindi sisingilin para sa serbisyong ito.